American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-04, pp-240-246
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Debelopment at Balidasyon ng Hambalon-Lokal Sa Pampublikong Senior High School

Sheena P. Manejero[1], Armando S. Dardo, Jr. EdD[2]
[1]*(Bagumbayan National High School, Philippines)*
[2]*(Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines)*

**ABSTRACT:** Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagbuo ng suplementaryong materyal na naglalaman ng kontekstuwalisadong tekstong di-piksyon. Ginamit sa pag-aaral ang Research & Development na disenyo ng pananaliksik sa pagsukat sa antas ng kasanayan ng mag-aaral sa pagsulat gayundin ang pagsukat ng antas ng balidasyon at pagtanggap ng Hambalon-Lokal sa Pampublikong Senior High School. Batay sa resulta ng pananaliksik, mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kontekstuwalisadong tekstong di-piksyon. Ang nabuong Hambalon-Lokal sa Pampublikong Senior High School ay natuklasang nakakuha ng mataas na antas ng balidasyon, gayundin, nakakuha ito ng pinakamataas na antas ng pagtanggap mula sa guro at mag-aaral. Lumabas din sa pananaliksik na may makabuluhang kaibahan ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa nabuong Hambalon-Lokal bilang supplemental na kagamitan sa pagbasa. Lumabas na mayroong kaibahan ang pananaw ng mga guro at mag-aaral ukol dito. Ang resultang ito ay maaaring maging batayan upang higit pang mapabuti ang layunin at pagtataya ng Hambalon-Lokal upang higit pa itong umayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

***KEYWORDS :*** *Balidasyon, Kasanayan sa Pagbasa, Kontekstuwalisasyon, Pagtanggap, Tekstong Di-Piksyon*

## I. PANIMULA

Ang patuloy na pag-unlad bunsod ng pagbabago ng teknolohiya ay may kalakip na epekto sa edukasyon, kasabay nito ang pag-iisip ng mga tagapagturo ng sari-saring pamamaraan tungo sa inobatibong pagtuturo upang mas matututo ang mga mag-aaral. Natutunghayan ang mga pagbabagong ito sa kurikulum ng henerasyong ito, ang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon. May mga inobatibong pamamaraan ang patuloy na isinasagawa upang malutas ang suliraning kinakahap ng edukasyon sa kasalukayan. Ayon sa pag-aaral ni Aclinen & Olesio (2023), natuklasan na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa, lalo na bilang epekto ng nagdaang pandemya. Samantala, ang isyu ng kontekstuwalisasyon ng kurikulum ay unti-unting naging tampok na usapin, dahil ito ay kinakailangang isaalang-alang upang maiangkop ang nilalaman at organisasyon ng mga gawain sa silid-aralan (Almeda, 2023). Maraming mag-aaral ang nahihirapang matamo ang mahahalagang kasanayan sa pag-decode, katatasan, at pag-unawa sa pagbasa, na maaaring maging balakid sa kanilang pag-unlad sa akademiko. Laganap sa kasalukuyan ang suliranin ng mga estudyanteng may kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto, na nagreresulta sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Maraming mag-aaral sa ika-7 baitang ang hindi pa lubos na nakakamit ang mastery ng mga kinakailangang kompetensi sa kanilang mga aralin (Lacson, 2020; Roallos, 2024; Quintino & Abagon, 2021). Kaya, naniniwala ang mananaliksik na ang paggamit ng kontekstuwalisasyon at lokalisasyon sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino ay maaaring makatulong upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa mga nailahad na impormasyon at kasalukuyang sitwasyon, layon ng mananaliksik na makabuo ng isang kontekstuwalisadong lunsaran bilang suplemental na kagamitan sa pagbasa na naglalaman ng iba at ibang di-piksiyonal na teksto upang ipabalido sa mga dalubhasa at masukat ang antas pagtanggap nito sa mga guro at mag-aaral. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang makapag-ambag ang mananaliksik ng makabuluhang impormasyon at mungkahi para sa mas mabisang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik na ito ay may layuning makagawa ng isang balidong Hambalon-Lokal sa Pampublikong Senior High School na naglalaman ng kontekstuwalisadong mga tekstong di-piksiyon.

Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral na ito, sasagutin ng mananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng pagsulat ng mga mag-aaral batay sa:
   1.1 Nilalaman;
   1.2 Organisasyon;
   1.3 Talasalitaan;
   1.4 Wika;
   1.5 Mekaniks?
2. Ano ang antas ng balidasyon ng Hambalon-Lokal ayon sa:
   2.1 Nilalaman;
   2.2 Disenyo at Organisasyon;
   2.3 Kalidad ng Teksto at Anyo ng Kagamitan;
   2.4 Pagtatasa;
   2.5 Kakayahang Mabasa;
   2.6 Sanggunian at Pinagmulan?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal ayon sa:
   3.1 Layunin;
   3.2 Nilalaman;
   3.3 Gawain;
   3.4 Pagtataya;
   3.5 Katangian ng Materyal sa Disenyo; at
   3.6 Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Hambalon-Lokal ayon sa:
   4.1 Layunin;
   4.2 Nilalaman;
   4.3 Gawain;
   4.4 Pagtataya;
   4.5 Katangian ng Materyal sa Disenyo; at
   4.6 Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat?
5. Mayroon bang makabuluhan kaibahan ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong Hambalon-Lokal?

## III. PAMAMARAANG GINAMIT AT HAKBANG NA ISINAGAWA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong *Research and Development* (R&D) na may layuning makabuo ng isang suplemental na materyales na naglalaman ng mga kontekstuwalisadong mga tekstong di-piksiyon.

Ayon kina Richey at Klein (2007) ang Research & Development ay sistematikong pag-aaral ng mga proseso ng disenyo, pagbuo at pagsusuri na may layuning magtatag ng isang empirikal na batayan upang makalikha ng mga produkto at kagamitang pampagtuturo at di-pagtuturo at upang makabuo ng mga bago o pinahusay na modelo upang magsilbing tuntunin pag-unlad. Isinagawa ang pag-aaral sa tatlong dalubhasa, walong(8) guro na nagtuturo ng Filipino at labinlimang(15) mag-aaral nagmula sa Grade 12-ABM, HumSS at STEM ng Bagumbayan National High School, Poblacion, Bagumbayan, Sultan Kudarat taong panuruan 2024-2025. Kumuha ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Dekana ng Departamento ng Graduwadong Pag-aaral ng Sultan Kudarat State University. Hiniling din ang pahintulot ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Sultan Kudarat at ng punongguro ng Bagumbayan National High School sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito. Ang mga mag-aaral ay sumulat ng tig-tatlong(3) sulatin sa bawat uri ng tekstong di-piksyon. Sinukat ang antas ng kasanayan ng mag-aaral sa pagsusulat ng tekstong di-piksyon. Pagkatapos nito, isinagawa ang pagdebelop ng Hambalon-Lokal sa Pampublikong Senior High School na naglalaman ng kontekstuwalisadong mga tekstong di-piksiyon bilang isang suplemental na materyales sa pagbabasa. Kasunod nito, ipinabalido ang Hambalon-Lokal sa tatlong(3) dalubhasa sa paglikha ng mga kagamitan sa pagtuturo. Pagkatapos na maipabalido ang Hambalon-Lokal, isinagawa ang pagsukat sa antas ng pagtanggap sa nadebelop na suplemental na kagamitan sa pagbasa ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at mga mag-aaral na may karanasan na sa pagsulat ng mga akdang di-piksiyon.

## IV. PRESENTASYON, INTERPRETASYON AT ANALISIS NG MGA DATOS

### Antas ng Pagsulat ng mga Mag-aaral batay sa mga Kasanayan

**TALAHANAYAN 1: Antas ng Pagsulat ng mga Mag-aaral**

| Kasanayan | Mean Percentage Score | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 93.63 | 0.71 | Mahusay |
| Organisayon | 92.04 | 0.50 | Mahusay |
| Talasalitaan | 91.85 | 0.58 | Mahusay |
| Wika | 92.27 | 0.85 | Mahusay |
| Mekaniks | 97.63 | 0.24 | Napakahusay |
| **Kabuoan** | **93.48** | **0.58** | **Mahusay** |

Batay sa Talahanayan 1, makikita ang antas ng pagsulat ng mga mag-aaral batay sa mga kasanayan sa pagsulat. Ito ay sinuri sa mga sumusunod na kasanayan: Nilalaman, Organisasyon, Talasalitaan, Wika, at Mekaniks. Ang Mean Percentage Score (MPS) ang ginamit para tukuyin ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral, samantalang makikita sa Standard Deviation (SD) ang pagkakaiba-iba ng mga marka ng mag-aaral.

Ayon sa datos, naitala sa Mekaniks (97.63, SD = 0.24) ang pinakamataas na MPS na may deskripsiyong "Napakahusay." Samantalang makikita na ang MPS ng mga sumusunod na kasanayang Nilalaman (93.63, SD = 0.71), Organisasyon (92.04, SD = 0.50), Talasalitaan (91.85, SD = 0.58), at samantalang ang Wika (92.27, SD = 0.85) ay may deskripsiyong "Mahusay," samantalang, ang kabuoang iskor na 93.48 (SD = 0.58) at may deskripsyong "Mahusay".

Sa pangkalahatan, makikita sa resulta ng datos na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kontekstuwalisadong tekstong di-piksyon ay nasa mahusay na antas. Mapapansin ang bahagyang pagbaba ng marka sa Organisasyon at Talasalitaan na nagpapahiwatig na may iilang pagkakataon na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng bahagyang kahirapan sa pagbuo ng maayos at malinaw na daloy ng mga ideya o maging sa paggamit ng mas angkop na termino sa kanilang pagsulat ng mga akda.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Aguirre et al. (2024) na may pamagat na, "Antas ng Kakayahan ng Mga Piling Mag-aaral sa Unang Taon ng Medyor sa Filipino sa Pagsulat ng Sanaysay", lumabas sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng kanilang kahusayan sa pagsulat ng sanaysay sapagkat mataas ang antas ng kakayahan nila sa iba't ibang aspekto ng pagsulat. Sinusugan naman ito sa naging resulta ng pananaliksik ni Salgado (2024) na may pamagat na, "Kasanayan sa Ortograpiyang Filipino, Katatasan, at Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Sablayan National Comprehensive High School", lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may katamtamang bilis sa pagbasa at nasa *instructional level* ang katumpakan, ito ay nagpapakita ng kakayahan sa paggamit ng wika at mekaniks sa pagsulat ng mga mag-aaral.

### Antas ng balidasyon ng Hambalon-Lokal

**TALAHANAYAN 2 : Antas ng balidasyon ng Hambalon-Lokal**

| Aytem | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.92 | 0.14 | Napakabalido |
| Disenyo at Organisasyon | 4.83 | 0.29 | Napakabalido |
| Kalidad ng Teksto at Anyo ng Kagamitan; | 4.87 | 0.12 | Napakabalido |
| Pagtatasa; | 5.00 | 0.00 | Napakabalido |
| Kakayahang Mabasa; | 5.00 | 0.00 | Napakabalido |
| Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi | 4.67 | 0.58 | Napakabalido |
| **Kabuoan** | **4.88** | **0.19** | **Napakabalido** |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang Pagtatasa at Kakayahang Mabasa ay nakakuha ito ng pinakamataas na marka (5.00, SD=0.00) lumabas na *"Napakabalido"* ang Hambalon-lokal. Ang Nilalaman ay "Napakabalido" sapagkat lumabas ang marka na (4.92, SD = 0.14), gayundin ang Kalidad ng Teksto at Anyo ng Kagamitan ay "Napakabalido" na may (4.87, SD=0.12), ang Disenyo at Organisasyon ay "Napakabalido" rin (4.83, SD=0.29). Ang Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi ay "Napakabalido" (4.67, SD na 0.58). Ang kabuoang mean na 4.88 na may deskripsyong "Napakabalido" ay nagpapakita na ang Hambalon-Lokal ay may mataas na mataas ng balidasyon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng datos na ang Hambalon-Lokal ay isang balidong materyal na may mataas na balidasyon sa lahat ng aspekto. Naipakita ito sa pagkakaroon ng matataas na marka sa Pagtatasa at Kakayahang Mabasa na kung saan madali itong maunawaan at may maayos na mekanismo sa pagsusuri ng kaalaman ng materyal. Sa kabilang banda, maaaring bigyang-pansin ang Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi upang mas mapataas ang tiwala ng mga gumagamit sa materyal.

Sa pananaliksik ni Salgado (2024), natuklasan na ang mga mag-aaral ng ika-7 na Baitang ay nagpakita ng mababang antas ng kasanayan sa ortograpiya, lalong-lalo na sa pagbabaybay ng pasulat, paggamit ng gitling, at pagbabantas. Ngunit, natuklasan din na may makabuluhang ugnayan ang ortograpiyang kasanayan at pag-unawa sa pagbasa, ito ay nagpapakita na kailangang palakasin ang pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino nang malinang pa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa. Natuklasan sa pananaliksik ni Aspillaga (2021), napatunayan sa ginawang balidasyon na may lubos na pagsang-ayon ang mga eksperto, guro, at mag-aaral na ang binuong Strategic Intervention Material (SIM), ito ay angkop at epektibong gamit para sa mga mag-aaral sa ika-pitong baitang. Higit pa rito, pinatutunayan ng pag-aaral na ang nasabing kagamitang panturo ay may mahalagang papel sa pagpapalawak ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang teksto.

**Antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal**

**TALAHANAYAN 3: Antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal**

| Aytem | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.90 | 0.11 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.75 | 0.35 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Gawain | 4.70 | 0.21 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Pagtataya | 4.78 | 0.23 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Katangian ng Materyal sa Disenyo | 4.80 | 0.28 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat | 4.78 | 0.31 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.78** | **0.25** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Batay sa Talahanayan 3, makikita ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal, makikita ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal sa iba at ibang aspekto, makikita na ang pinakamataas na antas ay nasa Layunin (4.90, SD=0.11) "Lubos na Katanggap-tanggap". Ang Katangian ng Materyal sa Disenyo naman ay "Lubos na Katanggap-tanggap" (4.80, SD=0.28), gayundin ang Pagtataya ay "Lubos na Katanggap-tanggap" (4.78, SD=0.23) pati na rin ang Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat (4.78, SD=0.31) ay "Lubos na Katanggap-tanggap". Sumunod ang Nilalaman (4.75, SD=0.35) "Lubos na Katanggap-tanggap" at panghuli ang Gawain na "Lubos na Katanggap-tanggap" pa rin (4.70, SD=0.21). Sa kabuoan ang antas ng pagtanggap ng guro sa Hambalon-Lokal ay may (4.78, SD=0.25) na may deskripsyong "Lubos na Katanggap-tanggap", na nangangahulugang mataas ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal bilang isang materyal sa pagtuturo.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na ang Hambalon-Lokal ay mataas na tinatanggap na materyal ng mga guro. Ang matataas na marka sa Layunin, Disenyo, at Pagtataya ay nagpapahiwatig ng mahusay na kalidad ng materyal sa mga aspetong ito. Gayunpaman, maaaring bigyang-pansin ang Nilalaman at Gawain upang higit pang mapabuti ang materyal batay sa mas detalyadong puna ng mga guro.

Sa pagpapatupad ng K to 12 kurikulum, sinuri sa pag-aaral ni Dela Peña (2023) ang mga saloobin ng mga guro hinggil sa mga pagbabagong dulot ng pagpapatupad ng kurikulum. Batay sa naging resulta, ang mga guro ay may positibong pagtanggap sa mga bagong materyales at pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino, na nagpapahiwatig ng kanilang kahandaan at pagiging bukas sa mga inobasyon sa edukasyon.

Sa pag-aaral naman ni Ompoc (2023), sinukat niya ang antas ng Kakayahan ng mga Guro sa Filipino sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Senior High School, sa kaniyang pag-aaral naipakita ang positibong pagtanggap at paggamit ng mga guro ng mga bagong materyales at pamamaraan sa pagtuturo na sinalamin sa mataas na antas ng kakakayan nila.

**Antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Hambalon-Lokal**

**TALAHANAYAN 4**
**Antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Hambalon-Lokal**

| Aytem | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.43 | 0.45 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.45 | 0.46 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Gawain | 4.51 | 0.47 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Pagtataya | 4.47 | 0.48 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Katangian ng Materyal sa Disenyo | 4.59 | 0.55 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat | 4.47 | 0.46 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.48** | **0.48** | Lubos na Katanggap-tanggap |

Batay sa Talahanayan 4, makikita ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Hambalon-Lokal batay sa iba at ibang aspekto, makikita na ang Katangian ng Materyales sa Disenyo ay “Lubos na Katanggap-tanggap” at may pinakamataas na marka (4.59, SD=0.55). Sumusunod dito ang Gawain (4.51, SD=0.47) at Pagtataya (4.47, SD=0.48), na parehong may deskripsyong *"Lubos na Katanggap-tanggap.* Ang Nilalaman (4.45, SD=0.46), Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat (4.47, SD=0.46), at Layunin (4.43, SD=0.45) ay may berbal deskripsiyon na "Lubos na Katanggap-tanggap".

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na ang Hambalon-Lokal ay isang materyal na mataas ang pagtanggap ng mga mag-aaral. Ang matataas na marka sa Katangian ng Materyal sa Disenyo at Gawain ay nagpapahiwatig ng epektibong disenyo at nilalaman ng mga aktibidad. Gayunpaman, maaaring pagtuonan ng pansin ang Layunin at Nilalaman upang higit pang mapabuti ang materyal batay sa mas detalyadong puna ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Revellame (2024), sinuri sa pag-aaral na ito ang epekto ng paggamit ng lokalisadong materyal na tinatawag na "I-BOOKS" sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Natuklasan na ang paggamit ng mga materyales na nakaangkla sa lokal na kultura at konteksto ay nagresulta sa mas mataas na antas ng pagganap sa pagsulat ng mga mag-aaral. Tinalakay sa pag-aaral ni Comia (2024) ang epekto ng paggamit ng mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa pagpabubuti ng kasanayan sa pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipinakita ng mga resulta na ang paggamit ng mga materyales na angkop sa lokal na konteksto ay nagdulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng mga kontekstuwalisadong materyales sa pagtuturo sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral, na sumusuporta sa mataas na antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Hambalon-Lokal.

**Kabuluhang Kaibahan ng Antas ng Pagtanggap ng Guro at mga Mag-aaral sa Hambalon-Lokal**

**TALAHANAYAN 5**
**Kabuluhang Kaibahan ng Antas ng Pagtanggap ng Guro at mga Mag-aaral sa Hambalon-Lokal**

| Kasanayan | Mean | | df | t-stat | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Guro | Mag-aaral | | | | |
| Layunin | 4.43 | 4.90 | 17 | 3.85 | 0.001* | May kabuluhang kaibahan |
| Nilalaman | 4.45 | 4.75 | 18 | 1.72 | 0.102 | Walang Kabuluhang Kaibahan |
| Gawain | 4.51 | 4.70 | 21 | 1.36 | 0.188 | Walang Kabuluhang Kaibahan |
| Pagtataya | 4.47 | 4.78 | 21 | 2.09 | 0.049* | May kabuluhang kaibahan |
| Katangian ng Materyal sa Disenyo | 4.59 | 4.80 | 21 | 1.22 | 0.234 | Walang Kabuluhang Kaibahan |
| Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat | 4.47 | 4.78 | 20 | 1.9 | 0.07 | Walang Kabuluhang Kaibahan |
| **Kabuoan** | **4.83** | **4.48** | **21** | **2.2** | **0.040*** | **May Kabuluhang Kaibahan** |

*Note: p<0.05, significant*

Sa pagsusuri, batay sa Talahanayan 5, ipinakita ang paghahambing sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa Hambalon-Lokal makikita na ang Layunin ($t = 3.85$, $p = 0.001$) at Pagtataya ($t=2.09$, $p = 0.049$) ay may p-value na mas mababa sa 0.05, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral sa dalawang aspetong ito.

Samantala, sa iba pang aspeto tulad ng Nilalaman ($t= 1.72$, $p=0.102$), Gawain ($t=1.36$, $p=0.188$), Katangian ng Materyal sa Disenyo ($t=1.22$, $p=0.234$), at Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat ($t=1.9$, $p=0.07$), makikita na ang mga p-value ay higit sa 0.05, na nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral sa mga aspetong ito.

Sa kabuoan, ang datos ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sapagkat makikitang ang kabuoang p-value na 0.040* ay mas mababa sa 0.05. Ang resultang ito ay maaaring maging batayan upang higit pang mapabuti ang layunin at pagtataya ng Hambalon-Lokal upang higit itong umayon sa pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa mga kontekstuwalisadong materyales sa pagtuturo.

Batay sa mga natuklasang datos nina Behhay, et al (2024), natukoy na ang mga inirerekomendang kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na kinabibilangan ng sanayang aklat, teksbuk, at elektronikong kagamitan ay naglalaman ng iba't ibang kasanayang pampagtuturo na naging batayan sa kanilang pagbuo, lumabas sa pagsusuri na ang mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino ay lubos na katanggap-tanggap batay sa mga mag-aaral at guro.

Pinatunayan sa pananaliksik ni Magnaye (2024), na mas epektibong nauunawaan at natututuhan ng mga mag-aaral ang isang aralin sa talasalitaan kapag naging malikhain ang guro sa paggamit ng mga kagamitang panturo, tulad ng larong Tumbang Salita. Naging mas masigla at makabuluhan ang talakayan kung napupukaw ng guro ang interes ng bawat mag-aaral.

## V. KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay nasa mataas na antas lalo na sa Mekaniks, ibig sabihin ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kahusayan sa paggamit ng bantas, wastong baybay, at iba pang teknikal na aspeto ng pagsulat. Sa pangkalahatan, magaling sa pagsulat ang mga mag-aaral, ngunit kailangan pang pagtuonan ng pansin ang pagpapabuti ng pagbuo ng maayos at malinaw na daloy ng mga ideya o maging sa paggamit ng mas angkop na termino sa kanilang pagsulat ng mga akda.
2. Ang Hambalon-Lokal ay may mataas na balidasyon sa lahat ng aspekto, lalo na sa pagtatasa at kakayahang mabasa, nangangahulugang madali itong maunawaan at epektibo ang pagsusuri. Mababa man ang nakuhang mean ng ibang kasanayan tulad ng nilalaman, kalidad ng teksto, at sanggunian, nananatili pa rin itong "Napakabalido." Ipinapakitang ang mataas na *mean* ng Hambalon-Lokal ay nangangahulugang lamang na ito ay balidong materyal na maaaring gamiting sanggunian.
3. Ang Hambalon-Lokal ay may mataas ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Hambalon-Lokal bilang isang materyal sa pagtuturo, nangangahulugan na ang Hambalon-Lokal ay isang epektibong kagamitang panturo.
4. Ang Hambalon-Lokal ay may mataas ang antas ng pagtanggap sa mga mag-aaral ayon sa katangian ng materyal sa disenyo, lumalabas na mahalaga para sa mga mag-aaral ang disenyo ng pagkabuo ng kagamitan upang mas mahikayat ang mga ito na gamitin ang nabuong kagamitan sa pagkatuto.
5. Ang Hambalon-Lokal ay may makabuluhang kaibahan sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro lalong-lalo na sa aspektong layunin at pagtataya ng materyal.

## VI. REKOMENDASYON

Ayon sa naging resulta ng naisagawang pag-aaral, ang mananaliksik ay taos-pusong minumungkahi ang mga sumusunod:

1. Hinahangad ng mananaliksik na ipagpatuloy ang pagsukat sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat hindi lamang limitado sa mga mag-aaral ng Senior High School kung hindi pati na rin sa iba pang baitang upang matukoy kung anong aspekto ng kasanayan sa pagsulat ang kailangan pang linangin at mas paunlarin.
2. Hinihikayat ang mga guro na bumuo pa ng mga kontekstuwalisadong kagamitan sa pagtuturo upang maging interesante para sa mga mag-aaral ang pagbasa ng mga kontekstuwalisadong teksto sapagkat nasasalamin nito ang kanilang mga naging karanasan sa kanilang paaralan at komunidad.
3. Ang nabuong Hambalon-Lokal ay maaaring gamitin bilang suplementaryong kagamitan sa pagbasa ng mga mag-aaral upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa.
4. Hinihimok ng mananaliksik ang mga mag-aaral na magbasa ng kontekstuwalisadong teksto upang mas malinang ng mga ito ang kanilang kakayahan sa mapanuring pagbasa.

5. Magsagawa pa ng pag-aaral at pagbuo ng mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na tutugon sa kasalukuyang mga pangangailangan ng mga guro at mga mag-aaral upang mas mapataas ang kalidad ng edukasyon ng bansa.
6. Sa mga sumusunod pang mananaliksik, subuking paghambingin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng kontekstuwalisadong tekstong na nakalimbag sa *digital* at *printed* na materyales.

## REFERENCES


[1] Aclinen, Z.M. & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 03(12).* 10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

[2] Almeda, J.A. (2023). Contextualization of indigenous knowledge in the selected elementary schools. *International Journal for Multidisciplinary Research, 05(05).* IJFMR23056504

[3] Lacson, D. (2020). Kabisaan ng paggamit ng kontekstuwalisadong aralin sa pagtuturo ng filipino sa Baitang 7: Isang eksperimental na pag-aaral. *Instabright e-Gazette, 02*(1).

[4] Roallos, J. (2024). Pagbuo ng mga kontekstuwalisaong araling eksemplar para sa pagpapahusay ng pagbasa: Isang CRLA-Based na pagsusuri ng kahusayan ng mga mag-aaral sa Baitang 2. *Cognizance Journal of Multidiciplinary Studies, 04*(11).pp 120-128. : 10.47760/cognizance.2024.v04i11.010

[5] Quintino, H. & Abagon, B. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 05*(06), pp-464-472

[6] Richey, R. C., & Klein, J. (2007). Design and development research: Methods, strategies, and issues. *Mahwah, NJ: Lawrence Erlbaum Associates, Publishers.*

[7] Aguirre, J. A. M., Dacutanan, J. T., Elvas, K. M. B., Fajutrao, R. P. ., Salingbay, E., & Tutor, G. B. (2024). Antas ng kakayahan ng mga piling mag aaral sa unang taon ng medyor sa filipino sa pagsulat ng sanaysay. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3*(2). Retrieved from https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13495

[8] Salgado, M. (2024). Kasanayan sa ortograpiyang filipino, katatasan, at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Sablayan National Comprehensive High School. *Education Digest 19 (2):82-90*. https://philarchive.org/rec/SALKSO-2?utm

[9] Aspillaga, E. (2021). Paghahanda at balidasyon ng strategic intervention material (sim) para sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa. *International Peer Reviewed Journal. 5. 2619-8436.*

[10] Dela Pena, JM (2023). Pagtataya sa saloobin ng mga guro sa pagtuturo ng filipino sa pagpapatupad ng kurikulum K To 12. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) 9(2).*

[11] Ompoc, E. J. (2023). Antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komunikasyon at pananaliksik sa senior high school. *International Journal of Research Studies in Education, 12(5), 23-35.*

[12] Revellame, K. & Aycardo, S.M. (2024). I-BOOKS: lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research(AJHSSR),* 8(6),pp35-47.www.ajhssr.com

[13] Comia, A.E. (2024). Kabisaan ng paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa pagtataya ng pagbasa at komprehensyon sa filipino. *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR), 3(4).*

[14] Behhay, N., Immangdul, H., & Aniceto, F. (2024). Isang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemia. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 4(4).* 2799-0664.

[15] Magnaye, J. (2024). Isang pagtatangkang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na tumbang salita sa paglinang ng talasalitaan ng mga piling mag-aaral sa Baitang 7. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 2(3),* 214-223. https://doi.org/10.17613/5kew-2664.